Date: ______________________

# PROYEKTO
# SA
# M S E P


***Ipinasa ni:***

**JEHIELI FAITH M. SABLAS**


***Ipinasa kay:***

**GNG. LOURDES C. BAGAYNA**

Date: ______________________

# SITSIRITSIT, ALIBANGBANG

*Sitsiritsit, alibangbang*
*Salaginto at salagubang*
*Ang babae sa lansangan*
*Kung gumiri'y parang tandang*

*Santo Niño sa Pandakan*
*Putoseko sa tindahan*
*Kung ayaw mong magpautang*
*Uubusin ka ng langgam*

*Mama, mama, namamangka*
*Pasakayin yaring bata.*
*Pagdating sa Maynila*
*Ipagpalit ng manika.*

*Ale, ale, namamayong*
*Pasukubin yaring sanggol.*
*Pagdating sa Malabon*
*Ipagpalit ng bagoong.*

# AKO AY PILIPINO

*Ako ay Pilipino*
*Ang dugo'y maharlika*
*Likas sa aking puso*
*Adhikaing kay ganda*
*Sa Pilipinas na aking bayan*
*Lantay na Perlas ng Silanganan*
*Wari'y natipon ang kayamanan ng aykapal*

*Bigay sa 'king talino / Sa mabuti lang laan*
*Sa aki'y katutubo / Ang maging mapagmahal*

*Chorus:*
*Ako ay Pilipino, Ako ay Pilipino*
*Isang bansa isang diwa*
*Ang minimithi ko*
*Sa Bayan ko't Bandila*
*Laan Buhay ko't Diwa*
*Ako ay Pilipino, Pilipinong totoo*
*Ako ay Pilipino, Ako ay Pilipino*
*Taas noo kahit kanino*
*Ang Pilipino ay ako!*

# AKOY ISANG PINOY

*Ako'y isang Pinoy sa puso't diwa*

*Pinoy na isinilang sa ating bansa*

*Ako'y hindi sanay sa wikang mga banyaga*

*Ako'y Pinoy na mayroong sariling wika.*

**Chorus**

*Wikang pambansa ang gamit kong salita*

*Bayan kong sinilangan*

*Hangad kong lagi ang kalayaan.*

*Si Gat Jose Rizal nuo'y nagwika*

*Siya ay nagpangaral sa ating bansa*

*Ang hindi raw magmahal sa sariling wika*

*Ay higit pa ang amoy sa mabahong isda.*

**Repeat Chorus**

**Repeat 1st verse except last word**

# BAHAY KUBO

*Bahay kubo, kahit munti*

*Ang halaman doon ay sari-sari.*

*Singkamas at talong, Sigarilyas at mani,*

*Sitaw, bataw, patani,*

*Kundol, patola, upo't kalabasa*

*At saka meron pang / Labanos, mustasa,*

*Sibuyas, kamatis, Bawang at luya*

*Sa paligid ligid Ay puno linga.*

# PARU PARONG BUKID

*Paruparong bukid na lilipad-lipad*

*Sa gitna ng daan papaga-pagaspas*

*Isang bara ang tapis*

*Isang dangkal ang manggas*

*Ang sayang de kola*

*Isang piyesa ang sayad*

*May payneta pa siya — uy!*

*May suklay pa man din — uy!*

*Nagwas de-ohetes ang palalabasin*

*Haharap sa altar at mananalamin*

*At saka lalakad nang pakendeng-kendeng.*